Bill C-24, ang Bagong Batas sa Pagkamamamayan o Citizenship: Ang pagkamamamayan ay magiging mas mahirap kunin ngunit mas madaling bawiin

Canadian Association of Refugee Lawyers | Abril, 2014

Noong ika-6 ng Peb 2014, ipinakilala ng pampederal na pamahalaan ang Bill C-24, isang batas na magbabago sa Citizenship Act of Canada (Batas sa Pagkamamamayan ng Canada). Babaguhin ng bagong batas na ito ang saligang katangian ng pagkamamamayang Canadian na alam natin.

Kapag naisabatas ang Bill C-24, gagawin nitong mas mahirap para sa mga bagong imigrante na maging isang citizen ng Canada subali't mas madaling bawiin para sa marami, lalo na kung mayroon silang dual citizenship o dalawa ang pagkamamamayan. Karamihan sa mga Canadian ay hindi nauunawaan kung papaano ang Bill C-24 ay pahihinain ang kanilang mga saligang karapatan bilang isang mamamayan ng Canada. Ang Canadian Association of Refugee Lawyers ay nagbibigay ng isang maikling paliwanag sa mga pinakamahalagang mga pagbabago sa Batas sa Pagkamamamayan o Citizenship Act. **Kung nag-aalala kayong alisin ang mga karapatan sa pagkamamamayan ng maraming Canadian, hinihimok namin kayong makipag-ugnayan sa inyong mga miyembro ng parliament bago maisabatas ang Bill C-24.**

Sa Canada ay palaging tiyak at matatag ang pagkamamamayan. Dito ka man ipinanganak o kaya'y isang imigrante, sa sandaling binigyan ka ng pagkamamamayang Canadian, ikaw ay matatag na. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, hindi maaaring bawiin ang iyong pagkamamamayan maliban sa kung kinuha mo ito sa pamamagitan ng panlilinlang, at kahit na ganoon pa nga, isang hukom lamang sa Pampederal na Hukuman ang maaring gumawa ng pagpapasya pagkatapos ng pagdinig sa isang hukuman. Sa ilalim ng kasalukuyang sistema, kung hindi ka sumasang-ayon sa hukom ay may karapatan kang umapela. Ngunit sa ilalim ng bagong batas, magkakaroon ng iba't ibang mga paraan upang alisin ang iyong pagkamamamayan. Pati na ang desisyon sa pagbawi ng iyong pagkamamamayan ay gagawin ng isang burukratang kinatawan ng pamahalaan sa pamamagitan ng pagsulat sa iyo. Wala kang pagkakataong ipagtanggol ang iyong sarili sa pamamagitan ng isang pagdinig o hearing.

Bakit magiging mas mahirap na kumuha ng pagkamamamayan o citizenship?

Kailangang maghintay ang mga bagong imigrante nang mas mahabang panahon bago sila makapag-apply para sa pagkamamamayan. Ang mga taong nakatatanda at mga nakababata ay dapat na pumasá muna sa isang pagsusulit sa wika at kaalaman tungkol sa Canada bago maging karapat-dapat para sa pagkamamamayan. Ang mga bayarin sa aplikasyon sa pagkamamamayan ay tataas nang tatlong beses. Wala ring karapatang umapela ang mga taong tinanggihan na.

1. **Pagsusulit sa wika at kaalaman tungkol sa Canada:** Sa ilalim ng bagong batas, ang lahat ng mga aplikanteng may edad na 14 hanggang 64 ay kailangang pumasá muna sa isang pagsusulit sa wika at kaalaman tungkol sa Canada (ang pagsusulit ay Ingles o Pranses). Sa kasalukuyan, ang mga aplikanteng mula lamang sa 18 hanggang 55 taon gulang ang dapat kumuha at patunayan ang kanilang kaalaman sa wika at sa Canada. Kapag ang Bill C-24 ay naisabatas, maraming mga nakatatandang imigrante ang tiyak na mahihirapang makapasá sa mga pagsusulit sa wika. Gayundin, ang mga bata, mga lolo at lola na walang mga dokumentong magpapatunay ng kanilang kakayahan sa wika ay kailangang magbayad para sa pagsusulit.

2. **Mas mataas na bayad sa pag-apply para sa pagkamamamayan:** Ang pamahalaan ay nagpataw ng mga

bayarin para sa pagsusulit sa kaalaman sa wika noong nakaraang taon. Ang bayad sa pag-apply ngayon ay tumaas ng tatlong beses. Nangangahulugan na ang bayad sa pag-apply para sa pagkamamamayan ay nagkaroon ng 4 na beses na pagtaas ng prseyo mula noong 2006.

3. **Pagkaantala:** Sa kasalukuyan ang mga aplikante ay maghihintay ng 4-6 na taon bago maging mamamayan dahil sa pagkaantala at kawalang kakayahan ng pamahalaan. Sa bagong batas, ikaw ay kailangang maghintay ng 8 hanggang 10 taon upang maging isang mamamayan mula sa petsa na naging isang permanenteng residente ka.

4. **Higit na mahigpit na mga kinakailangan upang maging residente:** Kinakailangan sa bagong batas na ang mga tao ay nakatira sa Canada bilang mga *permanenteng residente* nang hindi bababa sa 4 na taon bago sila makapag-apply para sa pagkamamamayan. Ang kasalukuyang patakaran ay 3 taon. Sa ilalim ng bagong batas, anumang oras na ipinanatili sa Canada bago maging isang permanenteng residente (bilang isang mag-aaral, manggagawa o refugee) ay hindi na mabibilang sa kinakailangang apat na taon na pagiging residente.

5. **Walang karapatang umapela sa hukuman:** Kung ang iyong aplikasyon sa pagkamamamayan ay tinanggihan, wala ka nang karapatang umapela sa Pampederal na Hukuman upang hamunin ang desisyon sa pagtanggi. Magkakaroon ng panghukumang pagsusuri ngunit hindi ito isang ganap at ang tamang pag-apela.

Bakit magiging mas madaling bawiin ang pagkamamamayan?

Ang bagong batas ay hahatiin ang mga Canadian sa dalawang uri o klase ng mamamayan: ang mga primera klaseng Canadian na walang hawak na iba pang pagkamamamayan, at ang segunda klaseng Canadian– o may dalawang pagkamamamayan o dual citizenship, kung saan ang kanilang karapatang manirahan sa Canada ay maaaring alisin sa kanila. Kahit na ikaw ay ipinanganak sa Canada, ikaw ay nasa panganib na mawalan ng pagkamamamayan kung mayroon kang dual citizenship o may posibilidad ng dual citizenship. Kahit na hindi mo alam na may taglay kang isa pang pagkamamamayan. Kung mayroon kang asawa, magulang, lolo at lola na mamamayan ng ibang bansa, o maaaring mayroon kang karapatan sa pagkamamamayan kahit hindi ka nag-apply para dito. Inilalagay ka ng ipinanukalang batas sa panganib na mawala ang iyong pagkamamamayang Canadian kapag ang Ministro ay nagpahayag na nagtataglay ka o maaring kumuha ng iba pang pagkamamamayan. Ang tungkulin ay nasa iyo upang patunayan ito para sa kasiyahan ng Ministro.

Ang bagong batas ay gagawing mas madali para sa pamahalaan na alisin ang iyong pagkamamamayan sa mga sumusunod na paraan:

1. **Para sa lahat ng mga mamamayang hindi dito ipinanganak o naturalized citizens,** maaaring bawiin ng isang opisyal ng pampederal na pamahalaan ang iyong pagkamamamayan kapag naniniwala silang hindi mo layunin ang manirahan sa Canada. Maaari itong mangyari kapag nagpasya kang mag-aral, magtrabaho, o manirahan sa ibang bansa. Sa kabilang banda, ang mga mamamayang ipinanganak sa Canada ay di maaaring bawiin ang pagkamamamayan kahit na tumira sila sa labas ng Canada.

2. **Para sa mga Canadian na maaring may dual citizenship,** ang isang opisyal ay maaaring alisin ang iyong pagkamamamayan kapag napatunayan na nakagawa ka ng krimen sa ibang bansa, kahit na kung ang nasabing bansa ay hindi demokratiko o kulang ang mga panuntunan sa batas. Ang opisyal ay maaari ring

bawiin ang iyong pagkamamamayan para sa ilang mga malubhang kriminal na paghatol o conviction sa Canada, kahit na napagsilbihan mo na ang iyong sentensiya sa Canada.

3. **Ang kapangyarihan na alisin ang iyong pagkamamamayan** ay ibibigay sa isang opisyal ng Citizenship and Immigration Canada (Imigrasyon at Pagkamamamayan sa Canada). Ang desisyon ay maaring gawin sa pamamagitan ng isang sulat at ni wala kang pagkakataong makipagusap sa nasabing opisyal. Sa ilalim ng kasalukuyang batas, upang alisin ang iyong pagkamamamayan, ang pamahalaan ay dapat gumawa ng isang aplikasyon sa isang hukom ng Pampederal na Hukuman kung saan magkakaroon ka ng isang pagdinig upang ipagtanggol ang iyong mga karapatan sa pagkamamamayan.